

Patakaran para sa Tulong Pinansyal ng Pasyente ng Fred Hutch Cancer Center Appendix III - Dokumento ng Impormasyon ng AGB

Tinutukoy ng Fred Hutch Cancer Center ang Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB) sa taunang batayan gamit ang “look-back method,” na inilarawan sa ilalim ng Seksyon ng Regulasyon sa Pananalapi 1.501(r)- 5(b)(1).

1. Kalkulasyon ng AGB:

- Taun-taon, nagtitipon ng data ang Departamento ng Pananalapi ng Fred Hutch Cancer Center sa bawat claim para sa taon ng pananalapi na may huling balanseng matatanggap na <\$1000.
- Kabilang dito ang mga claim na may petsa ng pag-discharge para sa naunang taon ng pananalapi. Sa Hulyo 1 hanggang sa susunod na Hunyo 30 ang taon ng pananalapi ng Fred Hutch Cancer Center.
- Hindi kasama ang mga claim sa Sariling Pagbabayad (Self-Pay).
- Katumbas ng kabuuan ng mga halagang ibinayad ng mga third party na nagbabayad na hinati sa kabuuan ng mga nauugnay na kabuuang singil ang taunang porsyento ng AGB ng Fred Hutch Cancer Center para sa mga claim na iyon sa naunang taon ng pananalapi.

Ang kalkulasyon ay nakabuod tulad ng sumusunod:

AGB% = Kabuuang Bayad sa Insurance ng Naunang Taon ng Pananalapi/Lahat ng Kabuuang Singil

2. Tiyempo at Paggamit ng AGB:

- Tutukuyin ng Departamento ng Pananalapi ng Fred Hutch Cancer Center ang kasalukuyang porsyento ng AGB, at magsisimulang ilapat ng Fred Hutch Cancer Center ang kasalukuyang porsyento ng AGB, sa loob ng 120 araw mula sa pagtatapos ng bawat taon ng pananalapi.
- Hindi sisingilin ng higit sa mga halagang karaniwang sinisingil (“AGB”) sa mga indibidwal na saklaw ng insurance ang mga pasyenteng itinuring na kwalipikado para sa tulong pinansyal alinsunod sa Patakaran para sa Tulong Pinansyal ng Pasyente ng Fred Hutch Cancer Center. Hindi personal na mananagot ang mga kwalipikadong pasyenteng may coverage ng insurance na magbayad ng higit sa AGB pagkatapos mailapat ang lahat ng pagbabayad ng insurer ng kalusugan.

- 3. Epektibo** noong Disyembre 1, 2023, ang AGB ng Fred Hutch Cancer Center ay **45.9%** (batay sa data ng mga claim sa taon ng pananalapi noong 2023).